THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 BLUE ROSE EMPLOYMENT AGENCY MEGA JOB CARAVAN SA CALAPAN

VOLUME 2 No. 19 Mar. 20, 2023 - Mar. 26, 2023

# FORMAL TURNOVER NG TULONG MULA SA USAID, ISINAGAWA

NAGANAP ang formal turn-over ng tulong mula sa US Agency for International Development (USAID) sa pamamagitan ni USAID Philippines Mission Director Ryan Washburn at iba pang opisyal ng naturang international organization katuwang ang Jerry Roxas Foundation, ABS-CBN Foundation Inc., Lingkod-Kapamilya at ABS-CBN Bantay-Kalikasan ukol sa patuloy na pagtugon sa malubha at malawak na pinsala ng oil spill sa karagatang sakop ng Oriental Mindoro na nagresulta ng pagkalat nito sa shorelines ng coastal barangays na saklaw ng may siyam na munisipalidad at nag-iisang Lungsod ng Calapan, gayundin sa iba pang mga lalawigan.

Sa ngalan ng PGOM, pinasalamatan ni Governor Bonz Dolor ang malaking inisyatibang ito nang naturang international organization lalo pa't sa mahabang panahon malalim at patuloy ang magandang ugnayan ng Pilipinas sa USAID at sa pamahalaan ng Amerika sa lokal na pamahalaan ng Oriental Mindoro. Nagbigay din ang Punong Ehukutibo ng update sa patuloy na paglobo ng mga naaapektuhang mamamayan ng oil spill partikular sa coastal barangays. Iniulat din ang progreso ng mga ginagawang pagresolba ng lokal na Pamahalaang Panlalawigan sa tulong ng mga kaugnay na ahensya ng Pamahalaang Nasyunal, institusyon maging ng mga matataas na lider ng bansa.

Samantala, magkatuwang namang tinanggap nina Governor Bonz Dolor at Calapan City Mayor Malou Morillo ang mga kaloob na tulong mula sa naturang mga organisasyon na nangakong patuloy na aagapay sa mga naapektuhang mamamayan ng Oriental Mindoro sa kabuuan. Sinabi nilang inisyal pa lamang ito at nangakong patuloy na tutulong sa mga naapektuhan ng oil spill.

Sa update naman ni Gov. Bonz, nasa 20,932 marginalized families mula lamang sa Naujan hanggang Bulalacao na katumbas ng may 102,000 indibidwal na nasa opisyal na talaan ng mga naapektuhan. Inaasahang malaki rin ang posibilidad na ito ay patuloy pang tumaas ang bilang dahil sa kasalukuyan estado ng oil spill. Samantala ibinahagi rin niya ang kasalukuyang sitwasyon ng natagpuan ng lumubog na barko at kung ano ang mga nauna nang naging aksyon ukol dito katulong ang mga eksperto.

Sa Calapan City nasa 3, 372 registered fisher folks mula sa 23 coastal barangays naman ang apektado at maaari pa itong tumaas din dahil sa kasalukyang sitwasyon ng oil spill.

Nagpahayag naman ng opisyal na anunsyo ang BFAR na mananatili ang fishing bans sa mga apektadong lugar bunsod ng pinakahuling resulta ng water testing na hindi pa pasado at hindi pa ligtas na paliguan at inumin ang source ng tubig inumin malapit at nasa mismong lugar ng mga apektadong barangay. (PIO Calapan)








THE TAMARAO JOURNAL
TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER
RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF
MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER
JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS
MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN
REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT
THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






TINGNAN: Magkatuwang na tinanggap ngayong umaga nina Provincial Administrator Hubbert Christopher A. Dolor at Executive Assistant Joey Dalupan ang 300 packs ng bigas na naglalaman ng tig-limang kilo na boluntaryong donasyon ni LMG Ricemill Owner/ Manager Leonard Garcia bilang tulong sa mga residenteng lubhang naapektuhan ng oil spill sa lalawigan.

Isiniguro ni PA Dolor kay G. Garcia na malaki ang maitutulong nito sa mga naapektuhan ng naturang insidente.

Sa pinakahuling datos ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office noong Marso 19, 10:00pm, nasa 20,932 pamilya na ang naapektuhan ng insidente ng oil spill sa lalawigan na nangangailangan ng ayuda para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan na pawang nakaasa ang ikinabubuhay sa pangingisda. (PIO Calapan)




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361





# BLUE ROSE EMPLOYMENT AGENCY MEGA JOB CARAVAN SA CALAPAN





KASABAY ng paggunita sa 25th Cityhood Annyversary, sumadya sa Lungsod ng Calapan ang Blue Rose Employment Agency upang isaga ang kanilang Mega Job Caravan sa Nuciti Central Mall, ika-20 ng Marso.

Pinangunahan naman ito ng kanilang President na si Mr. Ryan A. Nacuray kasama ang kanilang General Manager na si Ms. Mary jane G. Peñaflel.Tubong Calapan si Ms. Peñafiel kaya naman nais niya na makatulong sa mga kapwa Calapeño lalo na sa mga naghahanap ng trabaho.

Maliban sa mga trabaho, handog din nila ang ilang mga palaro, pa-raffle, at performances mula sa Gatekeepers at sa *"Badboy ng Dancefloor"* na si Mark Herras.

Naging posible naman ang gawain dahil sa pakikipag-ugnayan nila sa Pamahalaang Lungsod na pinamumunuan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, sa pamamagitan ng City Public Employment Cervices Office (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

# 'KALAKALAPAN AGRI-TRADE FAIR', INILUNSAD

BAHAGI ng pakikiisa at suporta ng Provincial Government of Oriental Mindoro (PGOM) sa pamamagitan ng Provincial Cooperative Development Office (PCDO) sa pangunguna ni PGDH-PTIEDO/ OIC PCDO Orlando B.Tizon ang paglahok sa ika-9 na KalaKalapan Agri-Trade Fair na ginanap kamakailan sa Xentro Mall, Calapan City.

Base na rin ito sa kautusan ni Gobernor Bonz Dolor na pataasin pa ang antas na matulungan ang lokal na mamumuhunan at ang mga produkto ng Oriental Mindoro ay maaagapayan sa merkado. Ang ibang mga lalawigan ng rehiyon tulad ng Palawan, Marinduque at Romblon ay inalalayan din ng PCDO.

Kaugnay nito, matatandaang nagsimula ang naturang trade fair noong Marso 17 at nagtapos nitong Marso 21.

Noong Marso 23, minabuti ng PCDO na i-extend pa ang booth para mga produktong gawa mula mismo dito sa Oriental Mindoro, Marinduque, Romblon at Palawan na matatagpuan ngayon dito sa 2nd Floor Provincial Capitol Patio sa harap ng tanggapan ng PCDO at LSI.

Kaya, magtungo na rito at mamili ng mga natatanging produkto mula sa iba ibang probisya ng MIMAROPA.

Samantala, sa nabanggit na agri-trade fair, kinilala ang entry ng PGOM bilang Best Dressed Booth habang pinasalamatan naman ng City Government of Calapan ang pagiging aktibo at supportive exhibitor ng PGOM. (PIO Calapan)







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 19 Mar. 20, 2023 - Mar. 26, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# Bridal Hair and Make-up Competition 2023

HINIRANG na Master Bridal Hair and Make-up Artist 2023 si Eugene Adeva na nag-uwi ng Php 25,000 matapos ang kompetisyon na ginanap sa Xentro Mall, Calapan noong ika-21 ng Marso.

Samantala, 2nd Runner Up naman si John Andrian Actas at 3rd Runner Up si Mark Anthony de Castro.

Layunin ng gawain na isulong ang beauty industry sa Calapan at tulungan ang LGBTQIA+ Community sa pamamagitan ng pagtatampok ng kanilang husay at galing sa Hair and Make-up.

Pinangunahan ito ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, sa pamamagitan ng Community Affairs Office at sa pangunguna ni Ms. Ellaine Diomampo, Gender and Development Special Consultant, at sa pakikipag-ugnayan sa LILAC Calapan na pinamumunuan ni Mr. Josh Barrientos.

Kabilang din ang nasabing kompetisyon sa pagdiriwang ng KALAP Festival 2023 (Thea Marie J. Villadolid/ CIO)





